
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 8: Wastong Gawain at Pagkilos Sa Tahanan at Paaralan sa Panahon ng Kalamidad



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_AP 2_ Module 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 8: Wastong Gawain at Pagkilos sa Tahanan at Paaralan sa Panahon ng Kalamidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Mary Ann P. Abello |
| **Patnugot:** | Rebecca K. Sotto, Helen G. Laus, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Lily Beth B. Mallari, Angelica M. Burayag |
| **Tagaguhit:** | Christopher S. Carreon |
| **Tagalapat:** | Rachel S. Dela Cruz |
| **Tagapamahala**: | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 8: Wastong Gawain at Pagkilos Sa Tahanan at Paaralan sa Panahon ng Kalamidad

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang Modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain na makatutulong sa mag-aaral upang maunawaan ang mga paksa na nakapaloob sa "Mga Wastong Gawain at Pagkilos sa Tahanan at Paaralan sa Panahon ng Kalamidad".

Inaasahan na maipamamalas ng mag-aaral ang mga sumusunod:

1. naisasagawa ang mga wastong gawain / pagkilos sa tahanan at paaralan sa panahon ng kalamidad;

2. nakatutulong sa paaralan at tahanan upang maging handa sa pagdating ng kalamidad;


3. nakapagpapakita ng mga angkop na tugon bago, tuwing at pagkatapos ng isang kalamidad;


4. naipaliliwanag ang epekto ng kalamidad sa anyong lupa, anyong tubig at sa tao;

5. maging responsableng mag-aaral at handa sa anumang kalamidad na maaaring maranasan sa hinaharap.

## *Subukin*

**Panuto:** Ayusin ang mga letra sa bawat kahon. Isulat ang nabuong salita sa papel.




| Aralin 1 | Wastong Gawain at Pagkilos sa Tahanan at Paaralan sa Panahon ng Kalamidad |
|---|---|

## *Balikan*

**Panuto:** Isulat sa loob ng payong ang mga ginagawa mo sa panahon ng tag-init at tag-ulan.



## *Tuklasin*

May mga natural na kalamidad na nagaganap sa ating komunidad gaya ng bagyo, sunog, baha at lindol. Basahin ang bawat sitwasyon at tapusin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng sariling wakas. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. Naiwan sa bahay ang magkapatid na sina Mario at Rina. Biglang nawalan ng kuryente. Nagsindi sila ng kandila at ipinatong ito sa karton.

2. Si Mang Pedro at ang kaniyang pamilya ay nakatira malapit sa bulkan. Napansin niyang may usok sa tuktok nito.

3. Nagsasagawa ng *earthquake drill* ang klase nila Gng. Rosas. Tumakbo ang mga bata sa ilalim ng mga puno.

4. Nakita mong itinapon ni Mang Edwin ang basura sa kanal. Kinagabihan, umulan nang malakas.

5. Maraming bunga ang puno ng manga nila Merle. Malakas na ang hangin dahil may bagyong paparating.

## *Suriin*

Nakararanas ng ibat-ibang kalamidad gaya ng lindol, baha, sunog, bagyo at pagsabog ng bulkan ang isang komunidad. Malaki ang nagiging epekto nito sa tao, hayop, anyong tubig at anyong lupa

Ano-ano ang mga dapat gawin o wastong kilos sa panahon ng kalamidad?

### Sa Tahanan


- Suriin kung may kailangan ayusin o kumpunihin sa bubong o anumang parte ng bahay at mga linya ng kuryente na dapat ayusin.
- Maghanda ng emergency kit na may lamang gamot, *flashlight*, damit, kandila, tubig at *ready to eat* na pagkain na maaaring dalhin sa paglikas.
- Manood ng balita sa telebisyon o makinig sa radyo tungkol sa paparating na kalamidad.
- Maaaring putulin ang mga sanga ng puno na malapit sa bahay o poste ng kuryente.
- Linisin ang mga kanal at estero sa bahay at komunidad.
- Maging laging handa o alerto sa anumang kalamidad.

## Sa Paaralan

- Makiisa sa *earthquake drill,* fire *drill* at anumang paghahanda na itinuturo sa paaralan.
- Itapon ang mga basura sa wastong lagayan.
- Makinig sa anunsiyo ng guro tungkol sa paparating na kalamidad.
- Makiisa sa mga programang may kaugnayan sa paghahanda sa panahon ng kalamidad.
- Alamin ang mga *emergency o hotline numbers* na maaaring tawagan.
- Sumunod sa babala at panawagan ng *School Disaster Risk Reduction Management (SDRRM).*

# *Pagyamanin*

A. **Panuto:** Isulat ang mga dapat gawin bilang paghahanda sa panahon ng kalamidad. Gawin ito sa hiwalay na papel.






**B. Panuto:** Hanapin sa *crossword puzzle* ang limang salitang may kaugnayan sa kalamidad. Kulayan ang nahanap na salita. Isulat ito sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| p | a | g | s | a | b | o | g | n | g | b | u | l | k | a | n |
| e | w | a | u | b | u | r | o | l | i | l | o | i | a | g | a |
| r | i | s | n | k | a | p | a | t | a | g | a | n | l | a | n |
| o | l | a | o | p | a | i | r | j | k | l | m | d | e | m | a |
| a | b | a | g | y | o | o | y | o | h | a | r | o | s | i | y |
| r | a | h | i | y | o | n | b | u | s | i | n | l | a | s | e |
| a | h | a | a | l | a | b | a | e | r | y | t | o | i | p | i |
| r | a | l | o | s | s | v | b | n | h | u | y | o | p | l | e |
| o | r | a | s | a | n | s | u | s | i | e | r | a | s | g | o |

1. ____________________________

2. ____________________________

3. ____________________________

4. ____________________________

5. ____________________________


C. **Panuto:** Tingnan ang nasa larawan. Lagyan ng tsek ang kahon kung ito ay wastong gawain o pagkilos sa panahon ng kalamidad. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1. 


2. 

3. 


4. 

5. 

**D. Panuto:** Kulayan ng pula ang payong kung tama ang pangungusap at dilaw kung mali. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.



1. Upang maiwasan ang hindi mabuting epekto at bunga ng mga kalamidad, tayo ay dapat maging handa sa lahat ng oras.




2. Pumasok si Ana sa paaralan kahit malakas na ang ulan at hangin sa labas.



3. Tumakbong palabas ng bahay si Lito habang lumilindol.



4. Maaaring malaman ang impormasyon ukol sa sama ng panahon sa radyo, telebisyon o internet.



5. Pare-pareho ang mga gawain ng mga tao sa panahon ng kalamidad.

E. **Panuto:** Sumulat ng isang pangungusap na nagpapakita ng wastong pagkilos sa panahon ng kalamidad. Isulat ito sa loob ng kahon. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Lindol | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

| | |
|---|---|
| Bagyo | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

| | |
|---|---|
| Pagsabog ng bulkan | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

| | |
|---|---|
| Baha | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

**F. Panuto:** Itambal ang mga wastong gawain/ pagkilos sa panahon ng kalamidad. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. manood ng balita

a.



2. sumali sa drill

b.



3. ihanda ang emergency kit

c.




4. siguraduhing maayos ang linya ng kuryente

d.



5. linisin ang mga kanal

e.



**G. Panuto:** Piliin ang tamang sagot. Lagyan ng tsek ang kahon ng tamang sagot. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. Papasok ka sa paaralan, nakita mong makulimlim at maiitim ang mga ulap. Ano ang dapat mong dalhin?

| | |
|---|---|
| | payong |
| | *flashlight* |
| | sapatos |

2. May mga natural na kalamidad ang nararanasan sa komunidad, maliban sa

| | |
|---|---|
| | brown out, sunog |
| | bagyo, baha |
| | kulog, kidlat |

3. Naramdaman mo ang pagyanig ng lupa habang nasa loob ka ng bahay, wala kang kasama dahil nasa trabaho ang iyong nanay, ano ang dapat mong gawin?

| | |
|---|---|
| | sumigaw at umiyak |
| | sumilong sa matatag na mesa |
| | tawagan ang nanay |


4. Anong sakit ang maaaring makuha kung ikaw ay maglalaro sa tubig baha.

| | |
|---|---|
| | dengue |
| | lagnat |
| | *leptospirosis* |

5. Habang nagka-klase, nakaamoy ka na parang may nasusunog na gamit, ano ang iyong gagawin?

| | |
|---|---|
| | Ipagbigay alam ito sa guro |
| | Huwag itong pansinin |
| | Sabihin sa katabi |

H. Bilang isang mag-aaral, isulat sa *petal web* ang mga maaari mong maitulong upang maiwasan o mabawasan ang pagbaha sa inyong komunidad. Gawin ito sa papel.



# Isaisip

**Panuto:** Punan ng tamang salita ang kahon base sa iyong napag-aralan. Pumili sa mga salitang nasa ibaba. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. Ang __________ tulad ng lindol, sunog, baha, bagyo at pagsabog ng bulkan ay maaaring magdulot ng malaking pinsala sa buhay at ari-arian ng mga tao.

2. Bilang paghahanda sa parating na bagyo, maaari tayong makinig sa radyo o manood ng __________ sa telebisyon.

3. Upang maiwasan ang pagbaha, linisin ang mga estero at __________ sa bahay at komunidad.

4. Ugaliing ipasuri ang mga linya ng kuryente upang maiwasan ang __________.


5. Ang duck, cover at hold ay paghahanda sa pagdating ng kalamidad tulad ng __________

| | | |
|---|---|---|
| lindol | kanal | balita |
| kalamidad | sunog | bagyo |

# *Isagawa*

Bilang paghahanda sa pagdating ng kalamidad, ano-ano ang maaaring ilagay sa loob ng *emergency kit*? Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

Isulat sa loob ng bilog ang iyong sagot.



## *Tayahin*

Lagyan ng ✓ ang mga ginagawa mo upang maiwasan ang pinsala na maaaring mangyari sa panahon ng kalamidad. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

| Ginagawa ito | Lagi | Minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Nagtatapon ng basura sa wastong lagayan. | | | |
| 2. Nagtatanim ng mga gulay sa bakuran. | | | |
| 3. Naghahanda ng *emergency kit.* | | | |
| 4. Nakikiisa sa *Earthquake drill* ng paaralan. | | | |
| 5. Alamin ang *evacuation area* at *hotline numbers* kung saan maaaring lumikas at tumawag sa oras ng kalamidad. | | | |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Iguhit ang ☺ kung kaya mong gawin bilang paghahanda sa panahon ng kalamidad at ☹ kung hindi mo kayang gawin. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

____1. Magkumpuni ng mga sirang linya ng kuryente

____2. Maglinis ng bakuran.

____3. Magtanim ng gulay sa paaralan at komunidad.

____4. Gumawa ng kulungan ng mga alagang hayop.

____ 5. Ibaon sa lupa ang mga nabubulok na basura upang maging pataba.

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Tuklasin | Pagyamanin A |
|---|---|---|---|
| baha<br>lindol<br>sunog bagyo<br>pagsabog ng bulkan | Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata. | 1. d<br>2.c<br>3.b<br>4.b<br>5.a | Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata. |

| B | C | D | E |
|---|---|---|---|
| baha<br>lindol<br>Sunog<br>bagyo<br>Pagsabog ng bulkan | 1. √<br>2. X<br>3. √<br>4. X<br>5. √ | 1. pula<br>2. dilaw<br>3. dilaw<br>4. pula<br>5. pula | Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata. |

| F | G | H | Isaisip |
|---|---|---|---|
| 1. c<br>2. a<br>3. b<br>4. e<br>5. d | 1. payong<br>2. kulog,kidlat<br>3. Sumilong<br>4. leptospirosis<br>5. Ipagbigay alam | Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata. | 1. kalamidad<br>2. balita<br>3. kanal<br>4. sunog<br>5. lindol |

| Isagawa | Tayahin | Karagdagang Gawain |
|---|---|---|
| 1 Tubig<br>Gamot<br>Ready made na pagkain<br>Flashlight<br>Damit<br>Cellphone<br>bandaid | 1. lagi<br>2. lagi<br>3. lagi<br>4. lagi<br>5. lagi | 1. ☹<br>2. ☺<br>3 ☺<br>4. ☹<br>5. ☺ |

# *Sanggunian*

Cruz, Gloria M. Capunitan Charity A. dela Rosa, Emelita C. Arrobang Leo, F. Janda Lerma V. "Kapaligiran at Uri ng Panahon sa Aking Komunidad" *Araling Panlipunan, Kagamitan ng Mag-aaral, Baitang 2* (Vibal Publishing House Inc., 2013) 90-93.

Cruz, Gloria M. Capunitan Charity A. dela Rosa, Emelita C. Arrobang Leo, F. Janda Lerma V. "Kapaligiran at Uri ng Panahon sa Aking Komunidad" *Araling Panlipunan, Patnubay ng Guro, Tagalog, Baitang 2* (Vibal Publishing House Inc., 2013) 28-34.

Forniz, Grace M., Jimeno, Ruby TN., Menese, Sonny F. Jr., Evangelista, Teresita T., Santos, Genia V., Sabas, Julia B., Pena, Rhodora B., Ampong, Amphy B., "Edukasyong sa Pangkalusugan, Kagamitan ng Mag-aaral, Baitang 4(DepEd-ICS, 2015 ) 385-406

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph